THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.16 * Abril 16 - 22, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# MGA BAGONG ABOGADO SA HANAY NG PNP, PINARANGALAN NI TSIP

sundan sa pahina 3



**PUBLIC ANNOUNCEMENT!**

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

***Alert Levels System for COVID-19***

## *NCR*

### *Alert Level 1*

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Babaeng Combatant na miyembro ng NPA, sumuko sa 1st ESPMFC

sundan sa pahina 9

## Php5.2M halaga ng assorted smuggled cigarettes nasabat ng Zamboanga PNP

sundan sa pahina 10

## Php6.8M halaga ng shabu nakumpiska, suspek patay sa Camarines Norte

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Mga bagong Abogado sa hanay ng PNP, pinarangalan ni Tsip**

Ito ay international human rights law principle na nagsasaad na maaaring limitahan ng isang estado ang ilan sa mga karapatang pantao ng mga mamamayan nito sa panahon ng emergency. Ngunit bago limitahan ang mga karapatang pantao, dapat ang paglimitang ito ito ay nakasaad sa batas, lubhang kailangan, limitado ang hangganan at hindi inaabuso.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio | @pnppio | @pnp_pio | PNP PIO | www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# "Little Help for Little Hands" Program, isinagawa ng Jovellar PNP




Jovellar, Albay - Nagsagawa ng "Little Help for Little Hands" Program ang Jovellar PNP sa mga Kindergarten ng Barangay Whitedeer Day Care Center, Jovellar, Albay nitong Abril 19, 2022.

Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ni Police Captain Benjamin Reonal, Chief of Police ng Jovellar Municipal Police Station katuwang ang Kabataan Kontra Droga at Terorismo Jovellar-Chapter.

Nasa 50 na mga bata ang nakinig sa isinagawang story-telling, pamamahagi ng school supplies at mobile feeding program.

Laking tuwa at pasasalamat ng mga bata sa munting tulong handog ng mga Jovellar PNP sa nasabing barangay.

Layunin nitong ipadama sa mga mamamayan lalo na sa mga bata na ang PNP ay handang tumulong anumang pandemya o suliranin ang dumating sa lipunan. *(Panulat ni PCPL Shiear "Kye" Velasquez-Ignacio)*

# Oplan BES (Bisita Eskwela), isinagawa ng Tarlac PNP



**Camiling, Tarlac - Nagsagawa ng Oplan BES (Bisita Eskwela) ang Tarlac PNP sa Surgui Integrated School, Camiling, Tarlac nitong ika-20 ng Abril 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Staff Sergeant Thelma Tabulina, Finance PNCO ng 2nd Provincial Mobile Force Company ng Tarlac Police Provincial Office.

Nagbigay ng mga IEC materials at lecture tungkol sa Anti-Online Sexual Exploitation of Children (OSEC), RA 11313 (Safe Spaces Act), RA 10627 (Anti-Bullying Act of 2013), RA 7610 (Special Protection of Children against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act) at RA 8353 (Anti-Rape Law of 1997).

Layunin nitong sugpuin o iwasan ang pang-aabuso sa bata o anumang iba pang uri ng sekswal na pagsasamantala at iba pang krimen sa loob ng komunidad.

# Leyte PNP, patuloy ang paghatid ng tulong sa mga biktima ng Bagyong Agaton



**Abuyog, Leyte – Patuloy pa rin ang mga tauhan ng Leyte Police Provincial Office sa paghahatid ng tulong at pagbibigay ng pangunahing pangangailangan para sa mga lubos na naapektuhan ng bagyong Agaton, nito lamang Linggo, Abril 17, 2022.**

Pinangunahan ni Police Colonel Edwin Balles, Provincial Director ng LPPO at mga tauhan nito ang pamamahagi ng samu't saring gamit sa bahay tulad ng mga balde, palanggana, hanger, dippers, food packs para sa matatanda at sari-saring sweets at regalo para sa mga bata sa mga apektadong residente ng Brgy. Balocawehay, Abuyog, Leyte.

Ayon pa kay PCol Balles, ang mga nabahagian ng tulong ay ang mga evacuees na pansamantalang naninirahan sa St. Francis Xavier Parish.

Ang Eastern Visayas PNP ay patuloy na magbibigay tulong sa mga apektado ng bagyong Agaton at tutulungang bumangon muli sa unos na kanilang dinanas.

# Balik-Baril Program isinagawa sa Talitay, Maguindanao




**Talitay, Maguindanao - Nakiisa ang Talitay PNP sa isinagawang Hand Over Ceremony ng Loose Firearms (Balik-Baril Program) sa Satellite Office Kuden, Talitay, Maguindanao nito lamang Abril 21, 2022.**

Kusang-loob na iniabot ng mga indibidwal mula sa iba't ibang barangay ang iba't ibang uri ng 15 na baril sa Philippine Army na pinangunahan ni Lieutenant Colonel Samuel Nadala Jr, Cavalry (General Staff College) PA Commanding Officer, 2nd Mechanized Battalion at pormal na tinanggap ni Colonel Oriel Pangcog Infantry (GSC) PA Commander 601st Infantry Brigade.

Nakiisa naman sa aktibidad ang Talitay Municipal Police Station sa pangunguna ni Police Major Haron Macabanding, Chief of Police.

Ang naturang aktibidad ay pinangunahan ni Hon. Bai Sarah Jane Abubakar, Officer-in-Charge ng Talitay Municipality.

Ang programang ito ay kaugnay ng kampanya laban sa kriminalidad para sa ligtas na halalan 2022 upang matiyak ang mapayapa, maayos at seguridad ng bawat mamamayan sa kanilang nasasakupan. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# Mga bagong Abogado sa hanay ng PNP, pinarangalan ni Tsip



**Camp Crame, Quezon City—Pinarangalan ni Chief PNP, Police General Dionardo Carlos ang mga bagong abogado sa hanay ng Philippine National Police na nakadestino sa National Headquarters nito lamang umaga ng Lunes, April 18, 2022 sa Traditional Monday Flag Raising Ceremony.**

Ang resulta ng kanilang Bar examination na ginanap noong February 4 at 6, 2022 ay lumabas noong nakaraang Martes, April 12, 2022.

Ginawad sa kanila ang Medalya ng Kasanayan bilang pagkilala sa kanilang pagsusumikap at tagumpay.

Kasabay nito, pinarangalan din ni General Carlos ng Medalya ng Kagalingan ang mga tauhan ng Police Regional Office 7 sa pangunguna ni PMaj Jonathan Bethooven Taneo dahil sa pagkakakumpiska nila ng 24.42 gramo at 4,932 gramo ng shabu na nagkakahalaga ng P50,000 at Php33.5 milyon sa magkahiwalay na buy-bust operation sa Cebu City noong Marso 26, 2022.

Pinaabot din ni General Carlos ang kanyang pagbati sa lahat ng 98 na PNP personnel sa buong bansa na binubuo ng PCOs, PNCOs, at NUP na ngayo'y mga abogado na.

Binati rin ni General Carlos ang mga Regional Director, Provincial Director, at lahat ng bumubuo ng 225,000 na miyembro ng PNP dahil sa accomplishment ngayong first quarter, kung saan bumaba ng almost 20% ang crime rate, sunod-sunod na mga nahuling droga at mga sangkot dito, mga nagawa ng pulisya laban sa insurhensiya, at mga nahuling private armed group.

"Maraming-maraming salamat sa inyo pong contribution individually and collectively as a member of Philippine National Police. I believe in the past three months you have delivered, and this April, itong last month natin and going to the election, and the last week of the election, we continue focus on our task of delivering a peaceful election. Nothing else. So, maraming-maraming salamat po. Congratulations to everybody," pagtatapos ni General Carlos. *(Panulat ni PCpl Jhoanna Marie Najera-Delos Santos)*

# 3 arestado sa PNP Task Force Checkpoint matapos mahulihan ng baril at ilegal na droga sa Davao City

**Davao City - Bistado ng Baliok Police Station ang modus ng isang ahente at driver ng isang kumpanya ng softdrinks matapos magpanggap na nahold up sa Cawa-cawa, Brgy. Catalunan Pequeno, Davao City nito lamang Abril 19, 2022.**

Kinilala ni PMaj Romeo Mapanao, Station Commander ng nasabing istasyon ang mga naarestong suspek na sina Noland Jay Malicana, 28, at Meljhon Aninon Dinoy, 29.

Ayon kay PMaj Mapanao, nabisto at naaresto ang dalawa matapos silang magreport sa nasabing istasyon na sila raw ay nahold-up at tinangay ang kanilang kinitang pera ngunit kalaunan ay umamin ang driver nito na ito ay hindi totoo, bagkus sila ang mismong kumuha ng kita na nagkakahalaga ng Php29,000.

Dagdag pa ni PMaj Mapanao, nakuha rin mula sa mga suspek ang pitong pakete ng hinihinalang shabu at tinatayang 0.21 gramo na may street market value na Php3,500.

Lubos naman na nagpapasalamat ang may-ari ng kompanya sa PNP sa pagkakadiskubre ng modus ng mga suspek.

Kasabay nito ay pinaalalahanan naman ng Police Regional Office 11 ang mga mamamayan at mga kumpanya na maging mapanuri sa kanilang mga kinukuhang trabahador o empleyado. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*



# Menor de edad na tumalon sa tulay sinagip ng Pulis



**Mandaluyong City — Nasagip ng dalawang Pulis ang isang menor de edad na babae matapos itong tumalon sa Makati-Mandaluyong Bridge kahapon, Abril 16, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Gauvin Mel Unos, Mandaluyong COP, bandang alas-5:24 ng hapon nang tumalon ang menor de edad sa tulay at namataan ito ng dalawang pulis na nagpapatrolya sa kahabaan ng Coronado Street Brgy. Hulo Mandaluyong City sa ilalim ng tulay.

Agad na sinaklolohan ito ng dalawang tauhan ng Substation 7 Mandaluyong na sina Police Corporal Bernard Miguel at PCpl Alex Zesar.

Hindi alintana ni PCpl Miguel ang lalim ng ilog at mabilis na nilangoy at naabutan ang biktima na nataranta sa gitna ng tubig habang si PCpl Zesar ay agad tumawag ng ambulansya.

Ayon salaysay ng dalawang pulis, nawalan na ito ng malay ng madala sa tabing-ilog ngunit agad naman siyang nabigyan ng medical attention ng Mandaluyong City Command and Control Center.

Aniya, bago mangyaring tumalon ang biktima sa nasabing tulay, nakita umano ito na umiiyak habang nakaupo sa gilid ng tulay at balisa ang mga kilos.

Kasabay ng pagpapagamot sa biktima, sumailalim din siya sa Psychiatric Evaluation sa National Hospital for Mental Health.

Pinuri ni PCol Unos ang kabayanihan nina PCpl Miguel at PCpl Zesar sa maagap na pagresponde nila sa batang babae.

"Ako ay nagagalak na ang ating mga kapulisan ay alisto at alerto sa pagganap ng kanilang tungkulin. Saludo ako sa kanilang malasakit, liksi ng pag-iisip, at kadakilaan. Sana ay magpatuloy ang bawat isa upang tupdin ang ganitong mabubuting gawain. Tunay nga na sa Mandaluyong Disiplinado, Gawa Hindi Salita," ani Police Colonel Unos.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## "Duterte Legacy Caravan" para sa ating mga kababayan

Tuloy-tuloy ang isinasagawang Duterte Legacy Caravan thru Convergence of All Government Agencies ng ating pambansang pulisya sa iba't ibang panig ng Pilipinas upang ipaabot ang mga serbisyo ng pamahalaan sa ating mga kabayaan. Nakasentro ang programa sa pagkakaisa ng mamamayan at pamahalaan tungo sa pagbabago, kapayapaan, at kaunlaran ng bansa.

Sa pamamagitang ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan ay matagumpay nating naisasagawa ang Duterte Legacy Caravan para sa sambayanang Pilipino. Inilalapit natin ang mga serbisyo sa kanilang mga lugar upang maramdaman nila ang serbisyo at presensya ng ating gobyerno.

Mula sa ating hanay ay inilalapit natin ang mga frontline services sa ating mga kabayayan lalo na para sa mga mamamayan na malalayo sa ating himpilan o istasyon. Sa pamamagitan nito ay hindi na sila nahihirapan pang pumunta sa ating mga opisina upang i-proseso ang mga dokumento o anumang police assistance na kanilang kailangan. Mismong ang pulisya na ang pumupunta sa kanilang mga lugar para ibigay ang serbsiyo at asiste na kanilang nais mula sa pulisya.

Sa bawat tagumpay ng ating pagsasagawa ng programang ito, malaking tulong dito ang presensya at suporta ng National Coalition of Lingkod Bayan Advocacy Support Groups and Force Multipliers, at maging ang iba't ibang ahensiya ng pamahalaan na nagpapaabot ng kanilang basic services sa mga dumadalo sa naturang caravan.

Maliban sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng ating pamahalaan, bahagi rin ng programa ang pagbabahagi ng kaalaman at impormasyon mula sa iba't ibang ahensya para mapataas ang informational awareness ng publiko.

Para naman sa ating hanay, kasama rin sa ating serbisyo ang pagbabahagi ng impormasyon at kalaaman tungkol sa masasamang epekto ng ilegal na droga at terorismo sa mamamayan, lalo na para sa mga kabataan. Maging ang panawagan ng pulisya sa publiko na makipagtulungan sa ating adbokasiya upang makaiwas sa krimen at mga ilegal na aktibidad ay kasama rin sa serbisyo ng PNP.

Ang Duterte Legacy Caravan ay isang paraan upang maipaabot natin sa ating mga kababayan ang tulong at serbsiyo ng ating pamahalaan. Ito ay nagpapakita rin ng wagas na pagmamahal at pagmamalasakit ng ating gobyerno sa mamamayan sa pamamagitan ng paglalapit ng serbisyo sa kani-kanilang mga lugar sa anumang pamamaraan at uri ng serbisyo na kanilang kailangan.

# EDITORYAL

## Pagbasura sa mga petisyon laban sa Anti-Terror Law, malaking tulong para sa kapayapaan

Tinanggihan ng Korte Suprema ang mga apela upang baligtarin ang desisyon nito na umaayon sa konstitusyonalidad ng mga kinuwestiyong probisyon ng batas laban sa terorismo na ipinasa noong taong 2020 o ang Anti-Terror Law.

Nitong Abril 26 naglabas na ng pahayag ang Public Information Office ng Korte Suprema ukol sa pasya nitong pinal na tanggihan ang mga mosyon dahil sa kakulangan ng mahahalagang isyu at sapat na argumento ng mga umaapela. Sa ngayon ay hinihintay na lamang ang kopya ng resolusyon ng nasabing desisyon.

Lubos namang ikinalulugod ng pambansang pulisya ang balitang ito dahil ang desisyon na ito ng Korte Suprema ay isang tagumpay hindi lamang para sa gobyerno, kundi para sa buong bansa laban sa mga taong ginawa nilang iisang layunin na maghasik ng kaguluhan, karahasan, at terorismo sa ating bansa. Ang desisyon ay nagpapatunay na ang Anti-Terror Law ay nagpoprotekta sa mga karapatan ng lahat ng mga mamamayan at lubusang naaayon sa ating saligang batas.

Layunin ng batas na ito na protektahan ang buhay, kalayaan at ari-arian mula sa terorismo; para kondenahin ang terorismo bilang pangunahing banta sa kapayapaan at seguridad ng bansa at kapakanan ng ating mga kababayan at upang ituring na krimen laban sa sambayanang Pilipino, laban sa sangkatauhan at laban sa batas ng mga bansa ang anumang uri ng terorismo.

Kaalinsunod nga nito, mas magiging determinado ang ating mga kapulisan upang isakatuparan ang layunin ng ating mahal na pangulo na mag-iwan ng legasiya ng kapayaan sa pamamagitan ng pagwakas sa insurhensya, terorismo at iba pang banta sa kapayapaan ng bansa.

Sa mga miyembro ng mga rebeldeng komunista na sinasabing gagamiting sandata ng mga pulis ang batas na ito upang sindakin at supilin di umano ang mga kababayan nating aktibista at malayang nagpapahayag ng kanilang mga saloobin - tinitiyak ng pambansang pulisya na ang batas na ito ay hindi magiging paksa ng anumang pang-aabuso dahil malinaw na ang isang simpleng pagpapahayag ng adbokasiya o hindi pagsang-ayon o iba pang katulad na paggamit ng mga karapatang sibil at pampulitika ay hindi itinuturing na mga gawaing terorista. Kaya nga ang kalayaan sa pagpapahayag ay itinataguyod at lubos na iginagalang.

Huwag tayong magpalinlang sa mga propaganda ng mga teroristang ito, sapagka't layunin lamang ng mga ito ang magpalaganap ng karahasan at kaguluhan sa bansa. Kaya naman paulit-ulit naming hinihingi ang tulong ng ating mga kababayan upang makiisa sa gobyerno sa pagsupil sa mga nagdadala ng walang habas na kaguluhan sa ating bayan.

Ang desisyong ito ng katas-taasang hukuman ay lalong magpapatibay sa layunin ng batas kontra terorismo para sa kapayapaan. Makatitiyak na ngayon ang mamamayang Pilipino na magagamit na ng gobyerno ang buong kapangyarihan ng batas na ito upang maprotektahan sila laban sa mga kakila-kilabot na epekto ng terorismo.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Mga Bagong Compañero y Compañera sa Pambansang Pulisya, ipinagbunyi

Nagbubunyi ang buong hanay ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas para sa mga bagong Compañero y Compañera matapos ilabas ang resulta para sa "2020-2021 Bar Examinations" na ginanap noong buwan ng Pebrero 2022 sa may 31 testing centers sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Kabuuang bilang na 99 na mga pulis ang pumasa sa nasabing pagsusulit o bilang mga bagong abogado na kung saan ay 20 dito ang mga Police Commissioned Officers (PCOs); 62 ang Police Non-Commissioned Officers (PNCOs); at 17 ang Non-Uniformed Personnel (NUP). Mula sa kabuuang bilang na 11,402 na kumuha ng Bar Examinations ay 8,241 dito ang pumasa o halos 72.28 porsiyento para sa kauna-unahang digitalized and regionalized bar examinations.

Kaugnay nito ay personal na pinasalamatan at pinuri ni PNP Chief, PGen Dionardo Carlos ang mga bagong PNP lawyers. Magandang balita anya dahil may mga bagong abogado o tagapagtanggol ang ating Pambansang Pulisya na handang magbigay ng mga legal assistance sa ating mga kapwa pulis para sa hinaharap.

Hinikayat din niya ang ating mga pulis lalo na ang mga kumukuha ng mga advance law courses na magsilbing inspirasyon ang ating mga bagong abogado hindi lamang para sa ating organisasyon kundi magandang oportunidad din ito para sa kanilang career development para makatulong na rin sa mga nangangailangan ng mga serbisyong legal.

EDITORIAL BOARD

PGEN DIONARDO B CARLOS
*Chairman*

*Editorial Consultant*
PMGEN WALTER E CASTILLEJOS

*Editor-In-Chief*
PBGEN ERIC E. NOBLE

*Executive Editors*
PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV
PCOL ROGELIO P. SIMON
PCOL BERNIE H. ORIG

*Business Manager*
PLTCOL DAINES O. AMUGUIS

*Managing Editors*
PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL
Ms. Evelyn Duremdes-Barz

PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion
*Writers/Researchers*

PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo
*PCpl Rei Austin R. Manahan
*Pat Jersen Christopher L. Yalong

PLT RALPH KESTER S. RAGAZA
PMSg Butch L. Berden
PSSg Alan Czar A. Santos
*Cartoonists*

Mr. Roy S. Gonzalez
Mr. Ralph Evan S. Gonzales
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Tanggapin mo ang kaloob Niya sa iyo

Magandang araw po sa ating lahat. Ilang araw na lamang at matatapos na naman ang buwan ng Abril. Napakabilis ng panahon, kaya't kinakailangan na ito ay ating pahalagahan upang walang masayang na oras at pagkakataong dumarating sa atin. Mayroon akong nakausap, sinabi niya sa akin, hindi ko akalain na magiging maganda ang iyong kinabukasan sa kasalukuyan. Noong nasa koliheyo ka ay pa relaks relaks ka lang na parang walang pangarap sa buhay. Pero ngayon ikaw ay isang Pulis at Pastor." Ang aking tugon sa kanya, "Sa Diyos po ang papuri sa Kanyang pag-ibig at kagandahang loob sa atin. Ang dahilan kung bakit ko natamo ang aking kinalalagyan ay dahil sa habag ng Diyos. At ako ay nag-desisyon na isuko ang aking buhay sa Kanya at tanggapin si Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon ng aking buhay. Isang desisyon na nagbago ng buhay ng maraming tao.

Ano ba ang kalagayan ng tao sa harapan ng Diyos?

"Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."

Roma 3:23 (MBB)

Ang Diyos ay banal at walang makakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos at lahat ng tao ay nagkasala. Yan ang katotohan na kalagayan ng mga tao na katulad ko.

"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."

Roma 6:23 (MBB)

Kung ang tao ay makasalanan sa harapan ng Diyos, tayo ay hahatulan ng kamatayan. Ngunit napakabuti ng Diyos sapagkata Siya ay may kaloob na buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ng pagsampalataya kay JesuCristo.

Mahal ng Panginoong Diyos ang sanlibutan?

"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16 (MBB)

Dahil sa kasalanan ay nawalay ang tao sa presensiya ng ating Panginoong Diyos at walang kakayanan na iligtas ang kanyang sarili sa kaparusahang naghihintay para sa kanya. Ginawa ng Panginoong Diyos na ibinigay Niya ang Kanyang Bugtong na Anak na si Jesus upang ipako sa Krus upang tubusin ang ating mga kasalanan.

Ano ang dapat gawin ng tao upang maranasan ang kaligtasan?

Kailangang sumampalataya na si Jesus ay Diyos na nagkatawang tao, namatay para sa ating kasalanan. Tanggapin Siya bilang Tagapagligtas at Panginoon ng kanyang buhay.

Nais ng Diyos na maranasan ng mga tao ang kaligtasan at maranasan ang buhay na walang hanggan na kasama ang Diyos.

Nais mo bang isuko ang iyong buhay sa Kanya, tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas ng iyong buhay.

Maaari mong gawin iyan sa pamamagitan ng panalangin!

Panginoong Diyos ako po ay makasalanan. Patawarin Mo ako sa lahat ng aking nagawa. Tinatanggpa kita Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon ng aking buhay. Pangharian Mo ako mula ngayon at magpakailanman. Banal na Espiritu turuan Mo ako ng mamuhay ayon po sa Iyong kalooban. Ito po ang aking dalangin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

## Holdaper timbog sa off-duty na Pulis

Las Piñas City - Nailigtas ng isang off-duty na pulis ang isang Indian National mula sa isang holdaper nito lang Miyerkules, Abril 20, 2022.

Kinilala ni District Director Police Brigadier General Jimili Macaraeg ng Southern Police District ang suspek na si Jeofer Suan y Yepes, 36, lalaki, at residente ng Caloocan City.

Ayon kay PBGen Macaraeg, bandang 12:15 ng tanghali ng naaresto ang suspek sa tabi ng Carnation gate, TS Cruz Subdivision, sa kahabaan ng Daang Hari Rd., Barangay Almanza Dos, Las Pinas City.

Ayon pa kay General Macaraeg, ang nangyaring holdapan ay nasaksihan ni PCpl Arnaiz C Orongan, PNP officer na nakatalaga sa Barbosa Station 14, Mendiola PCP ng Manila Police District na agad naman niyang nirespondehan kasama ang mga tauhan ng Daang Hari Sub-station, Las Piñas CPS.

Agad namang nahuli si Suan at narekober sa kanya ang isang kalibre 38 na revolver na may apat na live ammunition at cash money na nagkakahalaga ng Php3,000.

Mahaharap ang suspek sa kasong Robbery at RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act na may kaugnayan sa Omnibus Election Code.

"I would like to commend PCpl Orongan for his immediate response that led to successful arrest of suspect, ito ang katangian na dapat taglayin ng ating mga pulis sa mga panahon na ito, dahil bilang isang pulis, tayo ay inaasahan na maglilingkod 24/7 sa ano mang oras at araw, basta tawag ng tungkulin tayo ay nakahandang magbigay ng serbisyong publiko," ani PBGen Macaraeg. *(Panulat ni PSSg Remelin M Gargantos)*

## Malay PNP, walang naitalang krimen sa pagsalubong sa Semana Santa



**Boracay Island, Malay - Walang naitalang krimen sa buong munisipalidad ng Malay, nitong Semana Santa, iyan ay ayon sa pahayag ni Police Lieutenant Colonel Don Dicksie De Dios, Hepe ng Malay MPS, sa kanyang report na ipinasa kay Police Colonel Crisaleo Tolentino, Aklan Provincial Director, sa kabila ng pagdagsa ng mga dayuhan at lokal na turista sa isla.**

Ayon sa inilabas na ulat ng Aklan Chief Tourism Operations Officer, Mr. Felix Delos Santos Jr., umabot sa 100,945 na mga turista ang nagbakasyon sa loob lamang ng Abril 1 hanggang Abril 17, noong Abril 14 lamang, nakatala na ng halos 12,266 indibidwal ang dumating.

Sa inilabas naman na Comparative Statistics ng Municipal Tourism Office sa mga bumibisitang turista sa Boracay tuwing Holy Week, tinatayang 836 turista lamang ang dumayo noong 2021 kumpara sa 44,981 na naitala ngayong taon, nagpapatunay lamang ito ng paglobo ng bilang ng mga nagbabakasyon.

Ayon pa kay Police Lieutenant Colonel De Dios, ang masusing paggamit ng mga patrol cars, motorcycles at pagpapanatili ng police visibility ng mga uniformed personnel sa mga kalye at iba pang strategic areas sa isla, ang siyang naging susi sa pagkamit ng epektibong police operations na nagresulta sa matiwasay na selebrasyon sa nasabing lugar, na walang krimeng naitala.

Aniya, "Our operating units in the field composed of Task Group Boracay – Philippine Army, Philippine Coast Guards, 2nd Aklan Provincial Mobile Force Company, 605th MARPSTA, & Aviation Security Group partnered with the Malay LGU through the MDRRMO headed by Catherine P Ong and Malay PNP performed their duties and responsibilities more than what is expected from them, to do what is right and what is due to the public. This goes to show that our men on the ground sternly adhered to the directive of higher headquarters and that discipline is instilled among our personnel."

"Police effectiveness depends heavily on a functioning collaborative relationship with other law enforcement units and the community. When law enforcement agencies have a good relationship with the local community and understand their needs, they are better able to deliver myriads of quality public safety services," dagdag pa niya.

Samantala, pinuri naman ni Mayor Frolibar Bautista at ni Police Colonel Tolentino ang lahat ng operating units at ang mga tauhan ng Malay MPS sa kanilang natatanging mga nagawa sa pagpapanatili ng kaayusan at kaligtasan ng bawat isa sa buong munisipalidad.



TEAM PNP *Service *Honor *Justice
PULIS SERBIS BALITA

# Duterte Legacy Caravan, matagumpay na isinagawa sa PRO 7




**Cebu City - Nagsagawa ang PNP ng Duterte Legacy Caravan sa Camp Sergio Osmeña Sr., sa Cebu City nitong araw ng Miyerkules, Abril 20, 2022.**

Ang nasabing programa ay pinangunahan ni PBGen Roque Eduardo Vega, Regional Director ng Police Regional Office 7 at malugod na dinaluhan at sinuportahan ni PLtGen Rhodel Sermonia, Deputy Chief PNP for Administration na siyang focal person ng nasabing programa.

Dumalo rin sa naturang programa si USec Joel S Egco, Executive Director ng Presidential Task Force on Media Security; USec Jonathan E Malaya, Undersecretary for Plans, Public Affairs and Communication, DILG; katuwang ang iba't ibang ahensya ng pamahalaan maging ang mga Advocacy Support Group at Force Multipliers ng rehiyon.

Ipinahayag naman ni PLtGen Sermonia ang kanyang taos pusong pasasalamat para sa mainit na pagtanggap ng Rehiyon 7, maging sa solidong suporta na ipinakita ng ating mga kababayan at ang patuloy na pakikiisa sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa ating pamayanan.

Ibinida rin sa nasabing programa ng ilan sa mga nagsalita ang matagumpay na mga nagawa at mga epektibong pamamaraan ng kasalukuyang administrasyon upang labanan at tugunan ang problema sa ilegal na droga at insurhensiya sa ating bansa.

Samantala, sa nasabing programa ay nagkaroon din ng libreng konsultasyon mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan.

Tumanggap naman ang bawat dumalo ng mga relief goods at food packs na lubos naman na ikinatuwa at ipinagpapasalamat ng mga ito.

Patunay na ang PNP ay patuloy sa pamimigay ng tapat at tunay na serbisyo para sa ikabubuti ng bawat Pilipino.







# Preventing and Countering Violent Extremism (PCVE) Activity isinagawa ng Lanao del Norte PNP




**Tubod, Lanao del Norte - Isinagawa ang Preventing Countering Violent Extremism (PCVE) Activity ng Lanao del Norte PNP sa mga Muslim Person Deprived with Liberty sa Detention Facilities ng Bureau of Jail Management and Penology sa Lower Sagadan, Tubod, Lanao del Norte nito lamang Biyernes, Abril 22, 2022.**

Ito ay pinangunahan ni Police Colonel Salman Saad, Chief ng Police Community Affairs and Development Unit ng Lanao del Norte Police Provincial Office sa ilalim ng direktang superbisyon ni Police Colonel Isaias Bacurnay Jr, Provincial Director at Police Major Mohammad Ali Amerol, Imam ng Police Regional Office 10.

Nagkaroon ng Lecture patungkol sa Preventing Countering Violent Extremism kasabay ang pamimigay ng food packs at hygiene kit para sa 50 kalahok ng naturang aktibidad.

Layunin ng programa na pigilan ang anumang karahasan upang mas maging matiwasay at maunlad ang Rehiyon 10. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville Ortiz)*



# Php300K halaga ng pangkabuhayan, ipinagkaloob sa tulong ng R-PSB sa Davao del Norte








**Davao del Norte - Matagumpay na naiturn-over ang Php300,000 halaga ng pangkabuhayan para sa mga residente sa Purok 01, Kasilak, Panabo City, Davao del Norte noong Abril 18, 2022.**

Ang Rice Retailing and Wholesaling Merchandise ay ipinagkaloob sa Kasilak Integrated Farmers Association (KIFA) sa tulong ng Revitalized-Pulis sa Barangay, na mula naman sa Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Ang nasabing asosasyon ay inorganisa ng R-PSB sa pangunguna ni PLt Francisco Caslib, Team Leader upang makatulong sa kabuhayan ng mga miyembro nito.

Nag-uumapaw ang pasasalamat ng mga miyembro nito sa R-PSB Cluster 2B Team 1 at sa iba pang ahensya ng gobyerno na naging instrumento upang sa wakas ay maisakatuparan ang nasabing proyekto.

Layunin ng aktibidad na mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga residente sa nasabing barangay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga oportunidad at kabuhayan na makatutulong sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan.

Ito ay naging posible sa suporta ng iba't ibang ahensya ng gobyerno sa pagsasakatuparan ng layunin ng EO 70 National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) sa pamamagitan ng paghahatid ng mga serbisyo ng pamahalaan sa komunidad. *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann M Delmita)*

# PNP "Scubasurero" umarangkada sa Negros Occidental





**San Carlos City, Negros Occidental - Nagsagawa ang Negros Occidental PNP ng underwater clean-up activity na tinaguriang "Scubasurero" sa Sipaway Island, San Carlos City nito lamang Huwebes, noong Abril 21, 2022.**


Layunin ng nasabing aktibidad na patuloy na protektahan ang kalikasan at mapanatili ang yaman at kalinisan ng karagatan alinsunod sa isa sa mga Best Practices ng PNP at sa Core Values nitong "Makakalikasan".


Pinangunahan naman ng mga tauhan ng San Carlos City Police Station sa pamumuno ni Police Lieutenant Colonel Jesus Mesahon, Jr, Officer-in-Charge, kasama ang mga tauhan ng PNP Maritime Group na pinangunahan naman ni Police Major Wilmar Bolivar, ang nasabing clean-up drive na ginanap sa Dapdap Wharf, San Juan, sa isla ng Sipaway ng naturang lungsod.


Katuwang din sa nasabing aktibidad ang Coast Guard Station Bacolod personnel, PNP San Carlos City Dive Team, Bantay Dagat Divers, LGU San Carlos City, PCG Divers, Cadiz Divers Team, QPTIMUM Dive shop staff, Civilian volunteer at ibang Advisory Support Groups.


Lubos namang nagpasalamat ang grupo na tinaguriang "Scubasurero" sa mga nakiisa at tumulong sa paglilinis sa nasabing isla.






# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Bayani ng bayan, tagapagtanggol ng mamamayan

Ang paglaban sa kriminalidad ay bahagi nang pang araw-araw na gawain ng mga pulis. Ganoon din ang paghahain ng Warrant of Arrest sa isang Wanted Person o pagsasagawa ng police operation sa pamamagitan ng search warrant. Ang mga Ito ay epektibong paraan upang mapigilan ang mga kriminal na maghasik nang karahasan at takot sa mamamayan. Nasasagkaan ang anumang masamang gawain ng mga salot ng lipunan kapag aktibo ang mga kasapi ng pulisya sa paghuli sa mga taong nagtatago sa batas.

Kaakibat ng mga operasyong ito, malapit din sa panganib ang ating mga pulis lalo na kapag may grupo at may malalakas na armas ang mga kriminal na elemento. Laging nakahanda ang bawat kasapi ng Philippine National Police (PNP) na mag-alay ng buhay sa pagtupad sa sinumpaang tungkulin na "To Serve and Protect".

January 23, 2021, madaling araw ng Sabado nang magsagawa ang PNP ng operasyon laban sa Most Wanted Person na si dating Limbo Barangay Chairman Datu Pens Talusan sa Sultan Kudarat, Maguindanao. Kaugnay ito nang malawakang kampanya ng PNP noon sa ilalim ng pamumuno ni PGen Debold M Sinas na paigtingin ang kampanya laban sa mga salot na kriminal at mga wanted upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa bansa.

Batay sa ulat, ang mga pulis ay maghahain ng warrant of arrest kay Talusan nang paputukan sila ng mga kalalakihan na armado ng mga automatic rifles at matataas na kalibre ng baril. Dahil sa nakaambang panganib at banta sa kanilang buhay ay napilitang gumanti nang putok ang mga alagad ng batas na humantong sa maigting na sagupaan na tumagal nang ilang oras. Nang natapos na ang madugong engkuwentro, napatay sa labanan si Datu Pens Talusan kabilang ang labing isa (11) niyang kasamahan. Narekober din ng mga awtoridad ang mga matataas na kalibre ng baril ng grupo ni Talusan.

Gayunpaman, nabahiran nang kalungkutan ang tropa nang matagpuan nila ang wala nang buhay na katawan ni PSSg Elenel A Pido na magiting na nakipaglaban sa mga kaaway ng batas.Nasugatan din sa engkuwentro ang ilan pang kasamahan ni PSSg Pido na agad na dinala sa pagamutan. Minsan pa ay ipinamalas ng isang pulis ang tunay na kahulugan ng komitment at sakripisyo upang tumugon sa tawag ng tungkulin.

Bilang pagkilala sa katapangan at kagitingan ni PSSg Elenel Pido, ginawaran siya ng PNP ng posthumous award na Medalya ng Kadakilaan.

PSSg Pido, salamat sa iyong kabayanihang ipinamalas para sa kaligtasan ng mamamayan!

## Top 1 Most Wanted Person sa kasong paglabag sa RA 9165 arestado ng Binangonan PNP



**Binangonan, Rizal - Arestado ang Top 1 Most Wanted Person (Municipal Level) sa kasong paglabag sa RA 9165 sa manhunt operation ng Binangonan PNP nitong Martes, Abril 19, 2022.**


Kinilala ni Police Colonel Dominic Baccay, Provincial Director ng Rizal Police Provincial Office, ang suspek na si Zaldy Raosa Cal, 40, residente ng Mabuhay Homes, Brgy. Darangan, Binangonan Rizal.

Ayon kay Police Colonel Baccay, bandang 5:20 ng hapon naaresto ang suspek sa Brgy. Mahabang, Parang, Binangonan, Rizal ng Binangonan Municipal Police Station.

Dagdag pa ni Police Colonel Baccay, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest (service of sentence) sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang tagumpay ng PNP laban sa mga taong may pananagutan sa batas ay bunga ng pakikipagtulungan ng mamamayan upang mapanatiling ligtas at maayos ang komunidad. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Elvis C Arellano)*

# Top 1 Most Wanted Person sa kasong Murder, arestado ng Makati PNP




**Makati City - Arestado ang Top 1 Most Wanted Person sa kasong Murder ng Makati City Police Station nito lamang Biyernes, Abril 22, 2022.**

Kinilala ni Southern Police District Director, Police Brigadier General Jimili Macaraeg ang akusado na si Errol John Bautista, 26, at residente ng Makati City.

Ayon kay BGen Macaraeg, bandang 12:20 ng tanghali ay nahuli si Bautista sa kahabaan ng J.P. Rizal Ave., Extn., corner Lawton Ave., Brgy. West Rembo, Makati City ng mga tauhan ng Warrant Section Unit, Station Intelligence Section, Guadalupe Nuevo Sub-Station at Station Investigation and Detective Management Section.

Naaresto si Bautista sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong murder na walang rekomendadong piyansa.

"Job well done for the Makati City Police Station for the successful arrest of Errol Bautista who is the Top 1 Most Wanted Person of Makati, patunay na hindi tumitigil ang ating mga pulis on the ground para hulihin ang mga taong wanted, ito ay parte ng aming mandato na hulihin ang sino mang nagkasala sa batas" ani PBGen Macaraeg. *(Panulat ni PSSg Remelin M Gargantos)*

## Lalakeng Wanted sa kasong Murder sa Bago City, NegOcc, arestado

**Bago City, Negros Occidental - Arestado ang isang lalaki na wanted sa kasong murder sa ikinasang operasyon ng PNP CIDG sa Bago City, Negros Occidental nito lamang Huwebes, Abril 21, 2022.**

Kinilala ni Police Major Chris Arthemius Devaras, Hepe ng CIDG Bacolod City Field Unit, ang naarestong suspek na si Santiago Dela Cruz y Sedayon, 31, residente ng Hacienda SVE, Brgy. Bacong, Bago City, Negros Occidental.

Ayon kay PMaj Devaras, ang suspek ay nahuli bandang 7:15 ng umaga sa Purok Paraiso I, Brgy. Bacong, Bago City ng mga operatiba ng CIDG Bacolod City Field Unit katuwang ang Bacolod City MARPSTA, Bago CPS, at PIU, NOCPPO.

Ayon pa kay PMaj Devaras, si Dela Cruz ay may Warrant of Arrest sa kasong Murder na walang rekomendadong piyansa.

Nakuha mula sa suspek ang isang yunit ng Cal. 45 pistol, isang magazine assembly para sa Cal. 45, at 11 Live ammunition para sa Cal. 45.Dagdag pa nito, ang suspek ay kinilala bilang lider ng Santiago Group (Unlisted CG) na sangkot sa gun running, gun for hire, illegal drug peddling, at robbery activities na nag-ooperate sa probinsya ng Negros Occidental.

Ang PNP CIDG sa pamamagitan ng mandato nito sa pag-aresto sa mga wanted na tao ay tinitiyak sa publiko na patuloy nitong hahabulin ang mga lumalabag sa batas.




## Most Wanted Persons sa kasong Kidnapping arestado ng Caraga PNP




**Surigao del Sur – Arestado ang Top 8, 9, at 10 Most Wanted Persons (Regional Level) ng Rehiyon 13, na tinuturing mga suspek sa pandurukot ng bata sa kinasang Joint Operation ng Surigao del Sur PNP nito lamang Lunes, Abril 18, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Romeo Caramat Jr, Regional Director ng Police Regional Office 13, ang tatlong nadakip na sina Jimmy Cabas Espinosa Jr (Top 8 MWP), 52, Adonis Cabas Espinosa, (Top 9 MWP), 57, at Clemen Cabas Espinosa (Top 10) 46, na pawang mga residente ng P-3 Sitio Rocky Brgy. Tagbobonga, Hinatuan, Surigao del Sur.

Ayon kay PBGen Caramat, bandang 4:10 ng hapon naaresto ang tatlong suspek sa nasabing lugar ng mga operatiba ng Hinatuan Municipal Police Station at Surigao del Sur 1st Provincial Mobile Force Company sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Kidnapping and Serious Illegal Detention sa ilalim ng Criminal Case No. 2021-86370-H na walang nirekomendang piyansa.

Dagdag pa nito, kasama ang tatlong suspek sa mga dumukot sa isang pitong taong gulang na bata sa P-3 Sitio Rocky Brgy. San Ramon, Hinatuan, Surigao del Sur, bandang 12:30 ng tanghali habang naglalaro sa basketball court kasama ang iba pang bata noong Agosto 4, 2020.

"Up to this day, the operatives of PNP Caraga are still conducting scrupulous investigation and painstakingly gathering intelligence information for the possible recovery/rescue of the missing person," pahayag ni PBGen Caramat. *(Panulat ni Patrolman Jhunel Cadapan/RPCADU13)*

# Babaeng Combatant na miyembro ng NPA, sumuko sa 1st ESPMFC



**Dolores, Eastern Samar – Sumuko ang isang babaeng combatant ng NPA sa 1st Eastern Samar Provincial Mobile Force Company sa Dolores, Eastern Samar noong Linggo, Abril 17, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Joy Leanza, Force Commander ng 1st ESPMFC ang sumuko na si alyas "Ka-Jeya", 17, may live-in partner at residente ng isang outskirt barangay sa Dolores, Eastern Samar.

Si "Ka-Jeya" ay pinalaki umano ng mga magulang na NPA, naging miyembro siya ng Sektor Han Kabataan ng Communist Terrorist Group Pseudo Government sa edad na 14 at naging full time combatant noong siya ay 16. Siya ay kabilang sa Front Guerilla Unit, F-3, SRC ARCTIC, Eastern Visayas Regional Party Committee na kumikilos sa hinterlands ng Dolores at iba pang bulubunduking bahagi ng Samar.

Ayon kay PLtCol Leanza, bandang hapon ng Abril 17 nang makaharap niya si alyas "Ka-Jeya" at ipinahayag ang kanyang taimtim na hangarin na wakasan ang kanyang ugnayan sa NPA.

Ayon pa kay PLtCol Leanza, ang kanyang mga magulang ay sumuko rin sa 1st ESPMFC noong 2021 at sila rin ang humimok sa kanya na sumuko sa gobyerno at umalis sa organisasyong terorista lalo na nang malaman na si "Ka-Jeya" ay kasalukuyang anim na buwang buntis.

Mensahe pa ni PLtCol Leanza, "Itong pagbubunyag ni Alyas "Ka-Jeya" na siya ay na-recruit sa edad na 14 at naging full time combatant sa edad na 16 ay nagpapakita na ang CPP-NPA-NDF ay nagpapalaganap ng pagsasamantala habang ginagamit nila ang mga menor de edad sa armadong labanan laban sa puwersa ng gobyerno. Ito ay alinsunod sa aming pahayag na ang NPA ay talagang numero uno na lumalabag sa International Humanitarian Law."

Dagdag pa ni PLtCol Leanza, "muli, ako ay umaapela sa ating mga kapatid na NPA na isuko ang kanilang mga armas at gamitin ang alok ng gobyerno upang sila ay mamuhay ng tahimik at normal kasama ang kanilang mga pamilya." *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*

# 4 CTG members, nagbalik-loob sa Negros Occidental PNP



**Calatrava, Negros Occidental - Sumuko ang apat na miyembro ng Communist Terrorist Group o CTG sa tulong ng kapulisan sa Calatrava, Negros Occidental nito lamang Linggo, Abril 16, 2022.**

Kinilala ni Police Major Lumyaen Lidawan, Officer-in-Charge ng Calatrava Municipal Police Station, ang mga sumurender na sina Alyas "Rambo", 23; alyas "Jereco", 25, parehong residente ng Sitio Tipolo, Brgy. Pantao; at si alyas "Babes", 25, residente ng Sitio Aniya, Brgy. Winaswasan sa bayan ng Calatrava, Negros Occidental.

Dagdag pa ni PMaj Lidawan, kabilang din sa isinuko ang kanilang tig-iisang baril na .38 revolver, na may 12 live ammunitions.

Nauna ng sumuko ang isa pa nilang kasapi na si alyas "Robin" na kasama ring isinuko ang kanyang baril na isang caliber .38 revolver at 7 live ammunitions.

Ayon pa kay PMaj Lidawan, naging matagumpay ang naturang pagsuko sa tulong ng 65th Special Action Company at 6th Special Action Battalion ng Philippine National Police-Special Action Force; Provincial Intelligence Unit, Negros Occidental Police Provincial Office; 1st Negros Occidental Provincial Mobile Force Company; 2nd Mobile Platoon, 605th Mobile Company, Regional Mobile Force Battalion 6 at ng 79th Infantry Battalion, Philippine Army.

Bagamat tuloy-tuloy ang kampanya ng ating pamahalaan at ng PNP laban sa terorismo, patuloy pa rin nitong hinihikayat ang lahat ng ating mga kababayan na nasa ilalim pa sa maling pakikibaka na tuluyan ng magbalik-loob at magpasakop sa ating pamahalaan.

# 10 Yunit ng pabahay para sa mga dating rebelde, ipinagkaloob sa Sultan Kudarat

**Senator Ninoy Aquino, Sultan Kudarat - Pinagkalooban ng pamahalaan ng Sultan Kudarat ng tig-iisang unit na pabahay ang sampu na dating rebelde katuwang ang PNP at AFP sa Sitio Le Mangga, Brgy. Midtungok, Senator Ninoy Aquino, Sultan Kudarat noong Abril 22, 2022.**

Ayon kay Police Major Rodney Binoya, Officer-in-Charge ng Senator Ninoy Aquino Municipal Police Station, ang aktibidad ay dinaluhan nila Ms. Zenaida Cabiles, Regional Manager National Housing Authority XII; Engr. Reynaldo Bernal,TESDA Specialist SK; Datu Yahiya Senenggayan, Provincial ELCAC Focal Person; Zenaida Guiano, DOST Provincial Director; Hon Randy Ecija, Municipal Mayor; PLtCol Michael Odejerte, DPDA SKPPO; Col Michael Santos, 603 BC (PA); LtCol Frederick Chicote,7IB; LtCol Donald Hugo, 549 Engineering Cons., PA; Hon. Suharto Mangudadatu, Provincial Governor; at Hon Joseph Ortiz, Kagawad ng Lupon ng Panlalawigan.

Ang proyektong pabahay ay itinatag sa pagsisikap ng Pambansa at Lokal na Pamahalaan sa ilalim ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Ayon kay PMaj Binoya, sampu na dating rebelde kasama ang kanilang mga pamilya ang tumanggap ng Housing units mula sa Gobyerno.

Hinihikayat naman ni PMaj Binoya ang mga kapatid na naligaw ang landas o mga pinuno ng mga teroristang grupo na nag-aalyansang labanan ang ating pamahalaan na sumuko at magbagong buhay kasama ang kanilang mga pamilya dahil madami ang programa na nakalaan para sa kanila. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*

# Nakatagong armas ng CTG, narekober ng Sorsogon PNP at Philippine Army

**Bulan, Sorsogon - Narekober ng Sorsogon PNP at Philippine Army ang nakatagong armas ng Communist Terrorist Group sa Barangay Calpi, Bulan, Sorsogon nitong Huwebes, Abril 21, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Arturo Brual Jr., Provincial Director ng Sorsogon Police Provincial Office, nakatago ang nasabing mga armas sa loob ng dalawang asul na drum na nakabaon sa lupa sa magubat na bahagi ng nasabing barangay.

Ayon pa kay Police Colonel Brual Jr., bandang 5:10 ng umaga narekober ang mga armas at bala; dalawang M16 rifle; 8,190 rounds ng live ammunitions para sa kalibre 5.56mm; apatnapu't walong M16 magasin; at labing siyam na M14 magasin, sa magkatuwang na ikinasang operation ng mga operatiba ng Bicol PNP at 9th Infantry Division ng Philippine Army.

Samantala, ipinahayag naman ni Police Brigadier General Jonnel Estomo, Regional Director ng PRO 5 ang kanyang taos-pusong pasasalamat sa Philippine Army sa suporta at pagkakaisa na palaging iniaalok nito sa PNP. Kaya naman, tiniyak niya na ang Bicol PNP ay patuloy na makikipagtulungan sa militar para wakasan ang mga kalupitan ng komunistang teroristang grupo. *(Panulat ni Patrolman Rodel Grecia)*



# Php5.2M halaga ng assorted smuggled cigarettes nasabat ng Zamboanga PNP



**Ipil, Zamboanga Sibugay – Tinatayang nasa Php5,266,000 halaga ng smuggled cigarettes ang nasabat sa anti-smuggling operation ng Zamboanga PNP nitong Sabado, Abril 16, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Franco Simborio, Regional Director ng Police Regional Office 9, ang dalawang suspek na sina Hamid Laja Pallong, 32 at Radzmer Ainami, 17.

Ayon kay PBGen Simborio, bandang 5:20 ng hapon nang maaresto ang dalawang suspek sa Brgy. Caparan, Ipil, Zamboanga Sibugay ng pinagsanib na puwersa ng 903rd Regional Mobile Force Battalion 9, APC-Western Mindanao, Ipil Municipal Police Station at sa pakikipag-ugnayan sa Bureau of Customs.

Ayon pa kay PBGen Simborio, nasabat sa dalawang suspek ang mahigit kumulang 402 assorted cases ng smuggled cigarettes na may tinatayang halaga na Php5,266.000; isang Toyota Innova na may Plate Number P9Y617 na pagmamay-ari ni Milican Husain; isang Nissan Van na may Plate Number CBM 1801 na pagmamay-ari ng suspek na si Pallong.

Nahaharap ang dalawang suspek sa kasong paglabag sa Sec. 1401 (Unlawful Importation or Exportation) ng RA 10863 na kilala rin bilang Customs Modernization and Tariff Act (CMTA).

Ang Pambansang Pulisya ay patuloy ang kampanya laban sa kriminalidad at patuloy ang pagtugis sa mga taong may atraso sa batas. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville Ortiz)*

# Lalaki arestado sa Hostage-taking sa Zamboanga City

**Zamboanga City – Arestado ang isang lalaki at nahaharap sa patong patong na kaso sa Hostage-taking sa Zamboanga City nito lamang Abril 21, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Alexander Lorenzo, City Director ng Zamboanga City Police Station, ang suspek na si Rodelyn Gaspar y Delos Santos, 25, at residente ng Purok 2, Cabatangan, Zamboanga City.

Ayon kay PCol Lorenzo, bandang 2:00 ng madaling araw nangyari ang insidente, nang makatanggap ng tawag ang Zamboanga City Police Station 7 mula sa Cabatangan COMPAC. Napag-alaman na ang suspek ay dumaan sa winasak na Amakan na pader sa bahay ng biktima na si Lovella Nazareno at tinutukan ng kutsilyo.

Ligtas naman ang biktima at sumuko sa otoridad ang suspek na nahaharap sa kasong Illegal Detention, Grave Threat, at Paglabag sa Omnibus Election Code.

Ang Pambansang Pulisya ay patuloy sa mandato na ipatupad ang batas at siguraduhin ang kaligtasan ng mamamayan. *(Panulat ni Patrolman John Ronald Tumonong)*

# Php1.7M halaga ng marijuana binunot at sinira ng PNP sa Kiblawan, Davao del Sur



**Kiblawan, Davao del Sur - Sinira ng mga tauhan ng PNP ang nadiskubreng Php1,700,000 halaga ng marijuana sa isinagawang Marijuana Eradication sa Sitio Kiarang, Brgy. Bulol-salo, Kiblawan, Davao del Sur, nito lamang Lunes, Abril 18, 2022.**

Sa pangunguna ni PCpt Ian Marc Polestico, Acting Chief of Police ng Kiblawan Municipal Police Station ay binunot at sinunog ang tinatayang 8,467 fully grown marijuana plant na nakatamin sa 1,500 square meters na lupain.

Ayun kay PCpt. Polestico ay patuloy na inaalam ang nasa likod ng pagtatanim ng mga nasabing marijuana.

Ito ay matapos madiskubre din ang Php2,200,000 halaga ng marijuana sa kalapit na lugar sa Sitio Acbuling, nito lamang Linggo, Abril 17, 2022.

Alinsunod sa Anti-illegal Drugs Operation through Reinforcement and Education o ADORE na programa ni PNP Chief PGen Diornardo Carlos ay hindi naman titigil ang Police Regional Office 11 sa pamumuno ni PBGen Benjamin Silo Jr, PRO 11, Regional Director na tugisin ang mga nasa likod ng pagtatanim ng marijuana sa Rehiyon Onse at makamit ang layunin nito na maging Drug Free ang rehiyon. *(Panulat ni Patrolman Preal Cris Edosma)*

# Suspek sa 2009 Maguindanao Massacre, arestado ng PNP-CIDG




**Cotabato City - Arestado ng Criminal Investigation and Detection Group ang isa sa mga suspek sa nangyaring "Maguindanao Massacre" noong 2009 sa BARMM Compound, Cotabato City nito lamang Abril 20, 2022.**

Kinilala ang suspek na si Datu Harris Ampatuan Macapendeng, ang incumbent Brgy. Captain ng Tuayan, Datu Hoffer sa lalawigan ng Maguindanao na may monetary reward na Php300,000 sa ilalim ng DILG Memo Circular 2010-76.

Ang suspek ay inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong 43 counts of Murder na inisyu ni Presiding Judge Jocelyn Solis-Reyes ng Quezon City RTC Branch 221.

Si Macapendeng ay bahagi ng Ampatuan private army at kabilang sa mga dumalo sa pagpupulong kung saan ang mga Ampatuan ay nagplano ng masaker at kasama sa pagpatay sa 58 katao noong Nobyembre 2009.

Ang pag-aresto kay Macapendeng ay isang patunay na hindi natutulog ang batas at hustisya.

Ang CIDG ay laging handang isulong at ipatupad ang batas upang managot ang mga nagkasala at mabigyan ng hustisya ang mga nagdadalamhating biktima at kanilang pamilya. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# Php6.8M halaga ng shabu nakumpiska, suspek patay sa Camarines Norte



**Daet, Camarines Norte - Tinatayang Php6,800,000 halaga ng shabu ang nakumpiska sa isang suspek na napatay sa buy-bust operation ng PNP at PDEA madaling araw ng Sabado, Abril 16, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Arnel De Jesus, Chief of Police ng Daet Municipal Police Station, ang napatay na suspek na si Merlito Senaon Bayta, Jr., 37, binata, magsasaka, kabilang sa High Impact Operation (HIO) ng PNP at residente ng Canlubang St., Zone 3, Barangay San Juan, Baao, Camarines Sur.

Ayon kay PLtCol De Jesus, bandang 1:20 ng madaling araw aarestuhin sana ang suspek ng mga tauhan ng Regional Police Drug Enforcement Unit, Camarines Norte Provincial Intelligence Unit, Camarines Norte 1st Provincial Mobile Force Company, Daet Municipal Police Station at Philippine Drug Enforcement Agency Regional Office 5 ngunit nagkaroon ng armadong komprontasyon na sanhi ng pagkamatay ng suspek.

Ayon pa kay PLtCol De Jesus, isugod sana ng operating team ang suspek sa Camarines Norte Public Hospital para sa agarang lunas subalit idineklara na itong wala ng buhay.

Dagdag pa ni PLtCol De Jesus, nakumpiska sa suspek ang isang pirasong malaking transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na tinatayang may timbang na 1,000 gramo at tinatayang nagkakahalaga ng Php6,810,000, Php1,000 peso bill na ginamit bilang marked money kasama ang boodle money, isang Taurus PT1911 caliber 45 pistol na may serial number na 516258, pitong piraso ng basyo ng bala, isang black Honda Click MC, isang white helmet, isang black paper bag, isang black Samsung Cellphone at isang black sling bag na may tatak na adidas.

Patuloy ang mga operating team ng Camarines Norte sa pagpapaigting ng kampanya laban sa ilegal na droga para maiwasan ang paglaganap sa lugar at upang magkaroon ng maayos at tahimik na buhay. *(Panulat ni Patrolman Jomar Danao)*




# Php2.6M halaga ng marijuana, binunot at sinira ng Cordillera PNP



**Tabuk City, Kalinga – Tinatayang Php2,640,000 halaga ng marijuana ang binunot at sinunog ng mga operatiba ng Cordillera PNP sa Sitio Katao, Barangay Lacnog, Tabuk City, Kalinga bandang 7:00 hanggang 9:00 ng umaga ng Abril 21, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Peter Tagtag, Acting Provincial Director ng Kalinga Police Provincial Office, matagumpay ang operasyon sa pinagsanib na puwersa ng Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 15, Tabuk City Police Station, Regional Intelligence Unit, Kalinga PPO at Regional Drug Enforcement Unit ang operasyon sa ilalim ng "PROCOR's Oplan Summer ".

Ayon pa kay Police Colonel Tagtag, nadiskubre ng mga operatiba ang 13,000 piraso ng fully-grown marijuana plants na nagkakahalaga ng Php2,640,000.

Agad namang binunot at sinunog ng mga operatiba ang nadiskubreng mga marijuana sa mismong lugar ng taniman kung saan walang nahuling marijuana cultivator.

Ang matagumpay na operasyon na ito ng Cordillera PNP ay isa lamang resulta ng walang tigil at mas pinaigting na kampanya kontra sa ilegal na droga. *(Panulat ni PSSg Amyl Cacliong)*

# Php2.2M halaga ng marijuana binunot at sinunog ng PNP sa Davao del Sur

**Davao del Sur - Tinatayang Php2,200,000 halaga ng marijuana ang binunot at sinunog ng mga tauhan ng PNP sa isinagawang marijuana eradication sa Sitio Acbuling, Brgy. Bulol-salo, Kiblawan, Davao del Sur, noong Abril 17, 2022.**

Sa pangunguna ng Philippine National Police–Drug Enforcement Group (PNP-DEG) sa pamumuno ni PBGen Randy Peralta, Director ng PNP DEG kasama ang mga tauhan ng Special Operation Unit 11; Kiblawan Municipal Police Station; Davao City Field Unit (DCFU); Davao City Field Unit Criminal Investigation and Detection Group Regional Field Unit (DSFU CIDG RFU11); 11 Special Action Battalion (SAB)-PNP Special Action Force (SAF) at 1st Provincial Mobile Force Company Davao Del Sur (PMFC DDS) ay naging matagumpay ang nasabing operasyon.

Ayon kay PBGen Peralta, ang operasyon ay nagresulta ng pagkakabunot ng mahigit 11,000 halaman ng marijuana na nakatanim sa humigit kumulang 2,000 sq.m na lupain na kaagad nilang sinunog sa mismong lugar.

Hindi pa tukoy ng mga otoridad ang suspek sa nasabing taniman dahil sa wala silang naabutang tao sa lugar habang isinasagawa ang marijuana eradication.

Ang tagumpay na ito ng nasabing yunit ay malaking tulong upang tuluyang maisakatuparan ang layunin ng Police Regional Office 11 na gawing Drug Free ang Rehiyon Onse sa pamumuno ni PBGen Benjamin Silo Jr., Regional Director. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*

# Mag-ama arestado sa buy-bust ng Paranaque PNP, Php714K halaga ng shabu nakumpiska

**Parañaque City — Tinatayang Php714,000 halaga ng shabu ang nakumpiska sa mag-amang suspek sa buy-bust operation ng Parañaque City PNP nito lamang Huwebes, Abril 21, 2022.**

Kinilala ni Southern Police District Director, Police Brigadier General Jimili Macaraeg, ang mga suspek na sina Archieval David Tesoro, 44, at Aldrich Gabriel Dela Cruz Tesoro, 21, kapwa residente ng Parañaque City.

Ayon kay PBGen Macaraeg, bandang 4:20 ng umaga, nahuli ang mga suspek sa #7 Pictorial Lane 4th Estate Subdivision, Brgy San Antonio, Parañaque City sa pinagsanib puwersa ng Station Drug Enforcement Unit at Police Sub Station 5 ng Parañaque City Police Station.

Narekober mula sa mga suspek ang isang small at medium size heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na nasa 105 gramo at may Standard Drug Price na Php714,000, isang black pouch, at tatlong pirasong Php1,000 na ginamit bilang buy-bust money.

Mahaharap ang mag-ama sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

"Nakakalungkot isipin na ang haligi ng tahanan na siyang dapat na maging modelo ang siya pang nagdala sa kanilang mga anak sa tiyak na kapahamakan, magsilbi nawa itong babala sa ating mga kababayan na ayaw tumigil sa ganitong kalakaran, hindi mangingimi ang Southern Police District na hulihin at ipakulong kayo kapag nahuli namin kayo na nagtitinda at gumagamit ng ipinagbabawal na droga," ani PBGen Macaraeg. *(Panulat ni PSSg Remelin M Gargantos)*



THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.16 * Abril 16 - 22, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Interfaith Prayer and Peace Covenant Signing for SAFE 2022 isinagawa ng Apayao PNP



**Conner, Apayao - Matagumpay ang isinagawang Interfaith Prayer and Peace Covenant Signing for Secure, Accurate, Free/Fair Election (SAFE) 2022 ng Apayao PNP sa Barangay Ripang, Conner, Apayao nito lamang Huwebes, Abril 21, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Brigadier General Ronald Lee, Regional Director, Police Regional Office Cordillera kasama sina Police Colonel Benjamin Sembrano, Deputy Regional Director for Operation, PROCOR at Police Colonel Reynaldo Ogay, Chief Regional Staff, PROCOR.

Dumalo rin sa naturang aktibidad sina Ms. Apastra Joan C. Buslig-COMELEC Officer, Ms. Joan-Ana J. Dumalsin-MLGOO at Dr. Girlie B. Baguec, Ph.D Department of Education - Northern Conner District Supervisor, Religious Sector Rev. Fr. Guerzon Ace A. Blaquera ng St. Therese of the Child Jesus Parish, Pastor Kenneth A. Amangao ng Apayao Christian Alliance Fellowship at mga miyembro ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan at pribadong sektor.

Sinimulan ang aktibidad sa pamamagitan ng pagsindi ng mga kandila bilang simbolo ng kapayapaan at pagkakaisa na agad sinundan ng interfaith prayer na pinangunahan ni Rev. Fr. Robert L. Daowan.

Nagsagawa din ng peace covenant signing at nagtapos sa pamamagitan ng ceremonial releasing of doves.

Ang PNP, AFP at iba pang ahensya ng pamahalaan ay nagkakaisa upang makamit ang mapayapa at maayos na halalan sa Mayo 9, 2022.

# PWD, tinulungan ng President Quirino PNP





Sta. Catalina, Negros Oriental - Inilunsad ng mga miyembro ng 705th Mobile Company ng Regional Mobile Force Battalion 7 ang Piggery Livelihood Program ng PNP sa Brgy. Nagbinlod, Sta. Catalina nito lamang Lunes, ika-18 ng Abril 2022.

Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan nina Police Lieutenant Venstine Bontilao at Police Lieutenant Alfredo Liguayan Jr, sa pangangasiwa ni Police Captain Jade Asiong Basingao, 705th Company Commander; at dinaluhan ng mga miyembro ng dalawang samahan ng mga mambubukid ang KAHASFA (Kanggabok Halway Small Farmers Association) at TUPFA (Tulatulahan Payawpayawan Farmers Association) na siyang naging benepisyaryo ng nasabing programa.

Layon ng nasabing programa na matulungan ang ating mga kababayan lalo na ang mga maliliit na magsasaka at mabigyan ang mga ito ng isang hanapbuhay na maaaring gamitin bilang kanilang panimula.

Lubos naman ang tuwa at pasasalamat ng mga tumanggap sa handog na mga biik mula sa nasabing programa.

Ang nasabing aktibidad ay isa sa mga paraan ng mga miyembro ng PNP upang maihatid ang tulong mula sa pamahalaan at maiparamdam ang pagkalinga at pagmamahal sa ating mga kababayan.

# Humigit 60 kababaihang IPs, natulungan sa PNP Project Juana sa Sultan Kudarat



**Esperanza, Sultan Kudarat - Humigit 60 na Indigenous People (IPs) ang naabutan ng serbisyo ng PNP sa isinagawang PNP Project Juana sa Barangay at Community Outreach Program sa Barangay, Pamantingan, Esperanza, Sultan Kudarat nito lamang Miyerkules, Abril 20, 2022.**

Ayon kay PCol Gilberto Tuzon, Chief, Regional Community Affairs and Development Division 12, matagumpay na nailunsad ang aktibidad katuwang ang Sultan Kudarat Police Provincial Office, Esperanza Municipal Police Station, at pamunuan ng Brgy. Pamantingan.

Ayon pa kay PCol Tuzon, humigit 60 na kababaihang IPs ang nahandugan ng food packs at hygiene kits.

Humigit kumulang 100 na kabataan naman ang napamahagian ng maiinit at masusustansyang pagkain na inihanda ng PNP.

Bukod dito, ibinahagi ni PLt Gladys Banzuelo, PCADU/IO Officer ng SKPPO ang kanyang kaalaman patungkol sa mga batas na nagpoprotekta sa mga karapatan ng ating kababaihan at mga kabataan.

Lubos namang nagpapasalamat ang mga naging benepisyaryo dahil sa isinagawang pagbisita ng PNP na nagbigay kasiyahan sa mga residente.

"Layunin ng ating kapulisan na makatulong kahit sa simpleng paraan upang makapaghatid ng serbisyo publiko sa gitna ng nararanasan nating pandemya sa ating bansa", ani PCol Tuzon. *(Panulat ni Patrolman Gio C Batungbacal)*